

Mga Kinakailangan ng Pagtawag ng Dios Yugto 7 Ang Talinghaga ng Malaking Hapunan

***“15 At nang marinig ito ng isa sa nangakaupong kasalo niya sa dulang, ay sinabi sa kaniya, Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Dios.”
(Lucas 14:15 KJV)***

Nang si Jesus ay inanyayahan sa isang piging sa isa sa bahay ng mga Fariseo binigay Niya ang isang tiyak na turo tungkol sa pagpapakumbaba at kung paanong magpakumbaba sa pamamagitan ng pag-upo sa pinaka-hindi kapansin-pansing upuan kapag may nag-imbata sa iyo, ***“7 At nagsalita siya ng isang talinghaga sa mga inanyayahan, nang mamasdan niya na kanilang pinipili ang mga pangulong luklukan; na nagsasabi sa kanila, 8 Pagka inanyayahan ka ninomang tao sa kasalan, huwag kang uupo sa pangulong luklukan; baka mayroon siyang anyayahang lalong marangal na tao kay sa iyo, 9 At lumapit yaong naganyaya sa iyo at sa kaniya, at sabihin sa iyo, Bigyan mong puwang ang taong ito; at kung magkagayo'y magpapasimula kang mapahiya na mapalagay ka sa dakong kababababaan. 10 Kundi pagka inanyayahan ka, ay pumaroon ka at umupo ka sa dakong kababababaan; upang kung dumating ang naganyaya sa iyo, ay sa iyo'y sabihin niya, Kaibigan pumaroon ka pa sa lalong mataas: kung magkagayo'y magkakaroon ka ng kaluwalhatian sa harap ng lahat na mga kasalo mong nangakaupo sa dulang. 11 Sapagka't ang bawa't nagmamataas ay mabababa; at ang nagpapakababa ay matataas.”*** (Lucas 14:7-11 KJV) Kaya narito ang mensahe ng Dios sa iyo na nagtuturo sa iyo na maging magpakumbaba at huwag habulin ang makamundong bagay; ang habulin ang prestihiyo, posisyon, kasikatan, at mga lugar ng karangalan.

Sa pagpupulong na iyon, ibinigay pa ni Jesus sa kanila ang karagdagang turo tungkol sa kung sino ang dapat anyayahan at kung sino ang hindi dapat anyayahan kapag naglagak ka ng piging, ***“12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka. 13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap.”*** (Lucas 14:12-14 KJV) Sa pamamagitan ng salita ng Dios na nabanggit, tinuturo ni Jesus ang dalawang uri ng paanyaya, at gaya ng sumusunod:-

A. Makamundong paanyaya: Ang pagtuon ay sa sarili at kung gaano ka magyabang upang matanggap ang karangalan at pagpapatibay ng tao. Dito, iminungkahi ni Jesus na huwag anyayahan ang mga kaibigan, kapatid, kamag-anak o mayamang kapitbahay dahil pararangalan natin sila at gagastusan sila, upang sa huli naman ay sila ang gagastos at parangalan tayo. ***“12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka.”*** (Lucas 14:12 KJV) Sa ganitong mga gawain, ang pagtuon ay sa pagpapaluwalhati sa sarili at hindi tungkol sa Dios at sa Kanyang Salita at mga utos. Bukod pa rito, hindi natin magiging mabubuting katiwala kung gagamitin natin ang ating oras, pagkain, at pera para sa mayayamang tao na hindi naman kailangan na tratuhin natin sila, lalo na't hindi rin natin kailangan silang tratuhin. Ngunit kailangan nating kumilos para magbahagi sa mga tao na nangangailangan at nasa kritikal na sitwasyon, ng kung ano ang ibinigay sa atin ng Dios. ***“9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha.”*** (Kawikaan 22:9 KJV)

B. Paanyaya sa Kaharian ng Dios: Hindi tungkol sa pagdiriwang ng pagtitipon at pag-imbata ng iba ang sinasabi ni Jesus. Ang tinutukoy ni Jesus sa Kanyang Kasulatan ay kapag pinagpala Niya tayo, kailangan din natin na pagpalain ang iba. Ngunit sino ang ating pagpapalain at paano? Ang pagtuon ay anyayahan ang mga tao sa Kaharian ng Dios gamit ang ating mga yaman upang dalhin sila sa Dios at turuan silang gawin ang Kanyang kalooban. ***“13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap.”*** (Lucas 14:13-14 KJV) * Kaya iminumungkahi ni Jesus na kung mayroon tayong yaman at gustong magdaos ng salu-salo, dapat nating imbitahan ang mga mahihirap, bingi, pilay, at bulag. At syempre, ang mga pilay, pingkaw, at bulag ay hindi makakapunta sa atin, kaya kung gusto natin silang anyayahan, kailangan natin silang puntahan. At kapag pinuntahan natin sila, kailangan nating ibahagi sa kanila hindi lang ang materyal na bagay na pinagpala tayo ng Dios kundi higit sa lahat ang Salita ng Dios, ang Evangelio ni JesuCristo na nagdadala ng kaligtasan at nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa mga tao. * Ang tunay na salu-salo na hindi dapat palampasin ng sinuman ay ang salu-salo sa Langit na makakasama natin si Jesus kapag Siya ay bumalik at kunin tayo patungo sa Langit upang ilaan ang kawalang hanggan kasama Siya. ***“9 At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad***

ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios.” (Pahayag 19:9 KJV)

Nang sinabi ni Jesus ang mga dukha, mga pilay, may kapansanan, at bulag, siya ay tumutukoy sa mga taong nasa kagipitan at dumaranas ng krisis sa anyo ng matagal na karamdaman, kawalan ng trabaho, kapansanan dahil mga kahinaan, at iba pa. Kailangan nating tulungan ang ganitong mga tao. Ang mga taong ito ay walang kakayahang makapagbigay. Kailangan nating magbigay sa kanila upang mailabas sila sa krisis na kanilang nararanasan. Kailangan nating magbigay ng tulong upang sila'y maibsan at pagkatapos ng kanilang paggaling, kailangan silang ma-rehabilitate upang makayanan ang buhay. Sa huli, kailangan din natin silang turuan at bigyan ng kasanayan para maging mabunga at produktibo.

Kaya nang nagsasalita si Jesus tungkol sa piging sa bahay ng Fariseo, isa sa mga dumalo ang nakaunawa sa mensahe ng Panginoon at sa Kanyang layunin; na dapat tayong magpakababa sa harap ng Dios at mamuhay sa paraang iminumungkahi ng Dios sa atin at na dapat natin itong isapamuhay kasama Niya para sa huli'y magkaroon tayo ng lugar sa handaan sa Langit na inihanda ng Panginoon pagdating Niya upang tayo'y kunin. Kaya't kung ano ang sinabi ng lalaki, **“15 At nang marinig ito ng isa sa nangakaupong kasalo niya sa dulang, ay sinabi sa kaniya, Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Dios.” (Lucas 14:15 KJV)** Sumang-ayon si Jesus sa pahayag at ibinigay ang talinghaga ng malaking hapunan:

“16 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, May isang naghanda ng isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan: 17 At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na. 18 At silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang nangagdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Bumili ako ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. 19 At sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalake, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. 20 At sinabi ng iba, Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon. 21 At dumating ang alipin, at isinaysay ang mga bagay na ito sa kaniyang panginoon. Nang magkagayon, sa galit ng puno ng sangbahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay. 22 At sinabi ng alipin, panginoon, nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon ma'y maluwag pa. 23 At sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay. 24 Sapagka't sinasabi ko sa inyo na alin man sa mga taong inanyayahan ay hindi makatitikim ng aking hapunan.” (Lucas 14:16-24 KJV) Ang sumusunod ay mapagtatanto natin mula sa talinghagang ito:

1. “16 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, May isang naghanda ng isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan:” (Lucas 14:16 KJV) Ipinadala ng Dios ang Kanyang Anak na si Panginoong JesuCristo na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa atin ang buhay na walang hanggan. At tayo na naniniwala kay Jesus at sumusunod sa Kanya, naghanda Siya ng lugar para sa atin sa Langit at darating Siya para dalhin tayo doon upang makasama Siya magpakailanman. **Kaya kapag inanyayahan tayo ng Dios, inaanyayahan Niya tayong makibahagi sa lahat ng mga kahanga-hanga at walang hanggang pagpapala na ito.**

2. Huwag matakot na Sumunod sa Dios: “17 At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na.” (Lucas 14:17 KJV) Ang panginoon ng bahay nang ipinadala Niya ang Kanyang alipin upang anyayahan ang mga tao ipinadala Niya sa kanya ang mensaheng ito, **“Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na.”** Inihanda ng Dios ang lahat ng bagay para masiyahan ka sa buhay at lubos na ma-enjoy ito. Ang natitira na lang sa iyo ay sumunod sa Kanya para matanggap at matamasa mo ang lahat ng inihanda Niya para sa iyo. **“9 Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya.” (1 Corinto 2:9 KJV)**

3. Huwag palampasin ang paanyaya: “18 At silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang nangagdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Bumili ako ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. 19 At sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalake, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. 20 At sinabi ng iba, Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon.” (Lucas 14:18-20 KJV) Maraming bagay na maaaring pinagkakaabalahan mo at inilalayo ka mula sa kalooban at paglilingkod sa Dios; ito ay maaaring lupa, baka, kasal, buhay-pamilya, negosyo, paggawa ng pera, kotse, at iba pang makamundong at kaakit-akit na bagay. Ngunit sa mga ito, wala ang Kaharian ng Dios at sa ganitong makamundong bagay, hindi ka makakasali sa handaang inihanda ni Jesus para sa atin sa Langit. Maaari nating pagbukod-bukudin ang mga bagay na dahilan ng pagsuway ng tao sa paanyaya, at maaari itong mahati sa

tatlong pangkat. *Una*, mga real estate, **“Bumili ako ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.”** Marami ang naglalayon na makamit ito, na magkakaroon sila ng sariling lupa at bahay. **Maganda naman iyon, ngunit kapag hindi mo kayang gawin iyon at inilulubog ang sarili mo sa utang at pagkakautang at naging abala sa trabaho para bayaran iyon, at lumayo sa iyong pananagutan sa Dios, sa gayo’y ipinagpapaumanhin mo ang iyong sarili.** Tunay na hindi mo naman kailangang gawin iyon at ilagay ang sarili sa problema. Pangalawa, negosyo, **“Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalake, at paroroon ako upang sila’y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.”** Marami ang pumapasok sa negosyo at pagkatapos ay hindi nila ito kayang pamahalaan. Humihiram sila o ginagastos ang kanilang kapital sa mga negosyo na hindi nila larangan o hindi tinawag ng Dios na gawin, kundi para lang magkaroon ng mas mataas na kita, habang sapat na ang mayroon sila at natutugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan. **Kung nasa parehong sitwasyon ka, ibig sabihin ay lumalayo ka sa Dios at sa paglilingkod sa Kanya at ipinapaumanhin mo na lamang ang sarili mo.** Pangatlo, kasal, **“At sinabi ng iba, Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon.”** Ang kasal ay maaaring magdala sa iyo sa Langit o sa impiyerno. Ang labag sa batas na kasal, pagpapakasal sa hindi mananampalataya, diborsiyo o paghihiwalay at bagong kasal, pagpapakasal ayon sa gusto mo at hindi ayon sa inihanda ng Dios para sa iyo, o pagpapakasal sa maling panahon at hindi ka handa; lahat ng ito ay maaaring magpalayo sa iyo sa Dios at hindi ka makakakilos ayon sa Kanyang tawag at paanyaya. Lahat ng inayayahan sa tatlong pangkat at nabigo na tumugon dahil ayaw nilang isuko ang kanilang makamundong plano ay ito ang kanilang aabutin. **“24 Sapagka’t sinasabi ko sa inyo na alin man sa mga taong inanyayahan ay hindi makatitikim ng aking hapunan.”** (Lucas 14:24 KJV)

4. Maging handa na ipadala upang mag-anyaya sa iba: **“17 At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sapagka’t ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na.”** (Lucas 14:17 KJV) Ngayong natanggap mo na ang paanyaya at pinagpala ng Panginoon, ngayon na ang panahon para pumunta ka at anyayahan ang iba na pumunta sa Kaharian ng Dios.

5. Maging malinaw ang isip at huwag mahikayat sa ginagawa ng iba: Ang lingkod na ipinadala ng lalaki ay hindi nahikayat na sundan ang masamang halimbawa ng iba na iniwan ang paanyaya ng Dios at naging abala sa makamundong bagay. *** Kapag ikaw ay mangangaral, huwag gawin ang ginagawa ng mga tao at mawala ang iyong lugar sa Langit at ang inihanda ng Dios para sa iyo. * Minsan maaaring ipadala ka ng Dios sa mayayamang tao at sa mga nagsasaya sa makamundong bagay, kaya kailangan mong maging mapagbantay at huwag mahikayat sa mayroon sila mula sa materyal na bagay at sa mga kasayahan ng mundong tinatamasa nila.**

6. Huwag panghinaan ng loob kapag hindi tumugon ang mga tao: Ang lingkod na ipinadala ng panginoon ng bahay ay hindi pinanghinaan ng loob sa negatibong tugon ng mga taong inanyayahan at nagbigay ng dahilan. Siya ay pumunta at iniulat sa kanyang panginoon ang nangyari. Sinabi sa kanya ng kanyang amo na lumabas sa lansangan at sa mga eskinita ng lungsod para dalhin ang mga mahihirap, ang may kapansanan, ang pilay at ang bulag, **“21 At dumating ang alipin, at isinaysay ang mga bagay na ito sa kaniyang panginoon. Nang magkagayon, sa galit ng puno ng sangbahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay.”** (Lucas 14:21 KJV) Kailangan mong iulat nang tapat ang lahat ng pinagdadaanan mo sa iyong paglilingkod sa Dios para malaman mo kung ano ang susunod na dapat mong gawin.

7. Alamin at gawin nang mabuti ang iyong responsibilidad, ituon sa gawain at maging kapareho ng isipan ng Dios at ang Kanyang Cristo: Hindi kailanman pinanghinaan ng loob ang alipin na iyon, dahil ginawa niya ang dapat gawin bago pa man siya tanungin. **“22 At sinabi ng alipin, panginoon, nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon ma’y maluwa pa.”** (Lucas 14:22 KJV) Nagpatuloy siya at inanyayahan ang mga mahirap, pilay, bulag, at lumalakad nang mahina. *** Tinawag ka ng Dios na gawin din ang ganoon at tapusin ang dapat mong gawin kahit ano pa man ang nangyayari sa paligid mo. Kailangan mong magtuon sa gawain at maging kapareho ng isip ng Diyos at ng Kanyang Cristo. * Gawin mo rin ang parehong bagay, ang sinasabi ng Salita ng Dios at ang alam mo tungkol sa kalooban ng Diyos, pagkatapos ay gawin mo ito kahit hindi na kailangan pang ipaalala ng ibang tao sa iyo.**

8. Patuloy na mag-anyaya ng tao sa piging ng Dios: May mga tao na kumilos nang may depensibong mekanismo upang iwasan ang tawag ng Dios. Ang ganitong mga tao ay dapat mong iwan sa Dios upang disiplinahan at itama sila. Ngunit ikaw ay magpatuloy, at lumabas agad gaya ng sinabi ng panginoon ng taong ito, **“Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay.”** Paparating na si Jesus at uwag dapat sayangin ang oras sa pag-abot sa mga naliligaw na mga kaluluwa at iligtas ang mga handang maniwala at sumunod.

9. Maging handang lumabas sa mga daan at mga landas sa bukirin at anyayahan silang pumasok, upang mapuno ang bahay ng Diyos: “23 At sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay.” (Lucas 14:23 KJV) Tinatawag ka ng Dios hindi para sumuko kundi para magpatuloy, gamitin ang mga pangunahing daan upang mabilis na maabot ang mga bago at malalayong lugar, mga lungsod at tao sa pamamagitan ng mga evangelio ni Jesu Cristo.

10. Maging handa na maglingkod sa Dios kahit nag-iisa ka: Sa talinghaga na ating binasa, may isang alipin na ginagawa lahat ng nabanggit at mga dakilang bagay para sa kanyang panginoon. Siya ay masipag, tapat, mapagmalasakit at nakatuon sa gawain. Inaasahan ng Dios mula sa iyo ang pareho, kahit ikaw ay nag-iisa o mag-isa, makakagawa ka ng marami para sa Kanya dahil kasama mo Siya. Ipagkatiwala ang iyong buhay at mga lakad sa Dios at maging handa na maglingkod sa Kanya.

Sa aking mahal at minamahal: n Ang Salita ng Dios ay nagbibigay sa atin ng karunungan at pang-unawa, at ginagabayan tayo upang paglingkuran ang layunin ng Dios na may kamalayan na hindi tayo dapat sumuko; patuloy na mangaral, gumawa ng alagad, mangaral, magwasto at magbabala laban sa kasalanan, at ihanda sila at ang ating sarili para sa ikalawang pagdating ni Cristo.

Tinatawag ka ng Dios ngayon na malaman ang iyong higit na tungkulin at kung ano ang kailangan mong gawin. Tinatawag ka ng Dios na lumabas mula sa makalupang pamumuhay at mula sa lahat ng uri ng kasalanan at paggawa ng sariling kalooban at plano, at mamuhay nang banal at kaaya-aya sa Dios. Kaya, ialay mo ang iyong sarili sa Kanyang misyon at layunin at sa mga tuntunin na natutunan mo sa Kanyang Salita.

Ang aking Panalangin: Ama Dios, Ako’y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, naiintindihan ko nang mabuti ang iyong Salita, at salamat sa iyong mga turo na nagpapaunawa sa akin ng mga nangyayari sa paligid ko. Panginoon, salamat sa lahat ng iyong ipinagkaloob sa akin mula sa mga pinagkukunang yaman upang maglingkod sa iyo at upang maging mas mabunga ang aking buhay. Panginoon, salamat sa lahat ng pagpuna, pagwawasto, at pagpapaalala na natanggap namin sa mensaheng ito.

Ipahayag at talikdan mo na ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipahayag ang iyong makamundong pag-uugali, at ang iyong pagmamahal sa mga materyal na bagay. Magsisi sa iyong mga makamundong pagdiriwang at mga salo-salo kasama ang mga kaibigan, kapatid, kamag-anak, kapitbahay at mayayaman. Magsisi sa iyong kakulangan ng malasakit at pakialam sa mahihirap, may sakit, may kapansanan at sa mga nasa kagipitan. Ipahayag at talikdan ang iyong pakikilahok sa mga negosyo na hindi ipinag-utos ng Dios na pagdaanan mo. Ipahayag at talikdan ang maling pagpili mo sa pag-aasawa. Ipahayag at talikdan ang iyong kayabangan at ang iyong pagmamahal sa posisyon, titulo, kapangyarihan at katanyagan. Ipahayag at talikdan ang iyong panghihina ng loob at kakulangan ng pananampalataya sa Dios. Ipahayag ang iyong hindi kagustuhang lumapit sa mahihirap, may sakit, may kapansanan at sa mga nasa kagipitan upang ibigay ang evangelio at tulungan sila sa kanilang pangangailangan. Ipahayag at talikdan ang iyong hindi kagustuhang magdusa para kay Cristo at pagsilbihan ang Dios sa paraan na nais Niya na pagsilbihan mo. Ipahayag at talikdan ang iyong pakikipag-ugnay sa mga hindi nananampalataya, kaibigan, Media, Balita at laro. Panginoon, patawarin mo ako, ako’y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan

Panginoon Ipinangako ko sa aking sarili na ipagpatuloy at huwag panghinaan ng loob sa negatibong sagit ng mga tao sa iyong paanyaya. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa misyon at layunin na tinatawag mo akong maging bahagi. Panginoon, bigyan mo ako ng lakas at tapang na ipagpatuloy ang pagsasalita at pangangaral ng Iyong Salita. Panginoon, protektahan mo ako mula sa lahat ng uri ng panghihina ng loob at mula sa pag-uusig. Panginoon, narito ako, ipadala mo ako at hayaan mo akong lumabas sa mga kalye at pasilyo ng lungsod. Panginoon, tulungan mo ako, suportahan ng mga kagamitan at ibigay ang lahat ng aking pangangailangan upang patuloy akong mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus Amen.

Panginoon, dalangin ko para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay sa paglilingkod sa iyo. Panginoon, pagpalain mo sila, ilaan ang para sa kanila at protektahan sila mula sa panghihina ng loob at pagiging makamundong tao, pagmamahal sa materyal na bagay at sa lahat ng uri ng tukso. Nilalabanan namin ang lahat ng gawain ng diyablo sa kanilang buhay at itinaboy namin ito, sa pangalan ni Jesus. Panginoon, bigyan mo sila ng pagtitiyaga para ipagpatuloy ang paglilingkod sa iyo at huwag sumuko. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay mo sa kanila ang mga espirituwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay para maglingkod sa iyo. Panginoon, gawing mabuting patotoo ang kanilang buhay sa iba para makilala ka at sundin ka.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan, protektahan mo kami at tugunan ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon, dagdagan mo ang aming pananampalataya at tiwala sa iyo. Panginoon, tulungan mo kaming mangaral at maabot ang bagong tao at mga bansa, bagong lungsod at bagong bansa sa pamamagitan ng evangelio ni Jesus. Panginoon, tulungan mo kaming magsimula ng bagong pag-aaral ng Bibliya at magtayo ng bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalhin Mo ang mensahe at ipalaganap ito. Panginoon dalangin namin na maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilitas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com